PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG
Huwebes, Pebrero 23, 2023

MAKIPAG-UGNAYAN KAY:
Karina Rivera, Alameda Alliance for Health
510-499-3419
krivera@alamedaalliance.org

ALAMEDA Alliance FOR HEALTH

---

# ALAMEDA ALLIANCE FOR HEALTH, NAG-ANUNSYO NG BAGONG CHIEF NG PAGKAKAPANTAY-PANTAY SA KALUSUGAN

Sumali si Paul Vang, isang Lider ng Pagkakapantay-pantay sa Kalusugan na may mahigit 20 taong humanitarian na karanasan sa buong mundo sa tagapagpaganap na team ng Alliance bilang Chief ng Pagkakapantay-pantay as Kalusugan

Alameda, CA – Sa araw na ito, inanunsyo ng Alameda Alliance for Health (Alliance), ang lokal na planong pangkalusugan na nagseserbisyo sa mahigit 350,000 residente ng County ng Alameda na si G. Paul Vang na ang bagong Chief ng Pagkakapantay-pantay sa Kalusugan ng planong pangkalusugan mula pa noong Pebrero 2023. Sa napakahalagang papel na ito na nag-uulat sa Chief Executive Officer, tungkulin ni G. Vang na magpatupad ng mga patakarang titiyak na mabibigyang priyoridad ang pagkakapantay-pantay sa kalusugan at matutugunan ito sa buong organisasyon at sa bawat isa sa mga komunidad na pinagseserbisyuhan ng Alliance. Responsibilidad niyang magpatupad ng pangkalahatang hangarin sa pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, at pagsasama na nakatuon sa mga staff, miyembro, komunidad, at partner sa komunidad ng Alliance. Bilang Chief ng Pagkakapantay-pantay sa Kalusugan, makikipagtulungan din si G. Vang sa mga lider sa komunidad para mapahusay ang diskarte ng Alliance sa kalusugan ng populasyon sa pamamagitan ng pagtukoy ng mga paraan para ma-mitigate ang mga determinant ng kalusugan sa lipunan.

Sa tulong ng kanyang malawak na karanasan sa pampublikong pangangasiwa at mga humanitarian na ugnayan, nakagawa at nakapagpatupad si G. Vang ng malawakang pagkakapantay-pantay sa mga karapatan ng tao at pangangalagang pangkalusugan, pagkakaiba-iba sa buong mundo, pagkakapantay-pantay ng mga lahi at kasarian, at mga programa para mapabilang sa lipunan sa kabuuan ng kanyang karera. Bago sumali sa Alliance, sinubaybayan ni G. Vang ang mga operasyon sa pampublikong kalusugan para sa isang malaking distrito ng paaralan sa estado ng Washington kung saan siya nagdisenyo ng mga proactive na pamamaraan para maiwasan ang krimen at karahasan sa paaralan at gumawa siya ng mga komprehensibong patakaran sa pagkakapantay-pantay ng mga lahi para mawasak ang institutional na racism at hindi pagkakapantay-pantay sa sistema. Nagserbisyo rin si G. Vang bilang Chief Human Rights and Healthcare Equity Officer ng World Health Organization sa West Africa, at bilang Chief Human Rights and Diversity Officer para sa United Nations Mission sa Liberia, West Africa.

"Para maabot ang ating mga layunin sa pagkakapantay-pantay sa kalusugan, kailangan ng pagbabago sa ating organisasyon at sa paraan ng paglilingkod natin sa mga minamahal nating residente sa County ng

Alameda. Ang pagkakaroon ng masigasig na humanitarian na executive leader sa pamilya ng Alliance ay mahalaga para mas marami tayong maabot na tao*,"* sabi ni Scott Coffin, ang CEO ng Alameda Alliance for Health. *"*Matagal na panahon ang inilaan ni G. Vang sa pagtugon sa mga hindi pagkakapantay-pantay sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga marginalized na komunidad sa buong mundo, kaya naman nasasabik na kaming makasama siya sa pagsusulong ng aming layunin at sa pagpapahusay pa sa ginagawa namin sa araw-araw para mapagserbisyuhan ang ating safety net na komunidad."

"Hindi na ako makapaghintay na gampanan ang mahalagang papel na ito sa Alliance at makipagtulungan sa ating masisigasig na staff at lider para matugunan ang mga hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan, at maghatid ng makabuluhan at pangmatagalang pagbabago sa loob ng ating organisasyon pati sa mas malawak na komunidad ng County ng Alameda," sabi ni G. Vang, ang Chief ng Pagkakapantay-pantay sa Kalusugan ng Alliance.

Para matuto pa tungkol sa Alliance, bisitahin kami sa http://alamedaalliance.org/.

###

## Tungkol sa Alameda Alliance for Health

Ang Alameda Alliance for Health (Alliance) ay isang lokal na pampublikong not-for-profit na planong pangkalusugan para sa pinapamahalaang pangangalaga na naglalayong gawing accessible at abot-kaya ang mga mataas na kalidad na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga residente ng County ng Alameda. Itinatag noong 1996, ang Alliance ay ginawa ng at para sa mga residente ng County ng Alameda. Sinasalamin ng Lupon ng Mga Gobernador ng Alliance, namumunong staff, at network ng provider ang pagkakaiba-iba ng kultura at wika sa county. Nagbibigay ang Alliance ng saklaw sa pangangalagang pangkalusugan sa mahigit sa 330,000 bata at nasa hustong gulang na may mababang kita sa pamamagitan ng mga programa ng Panggrupong Pangangalaga ng Medi-Cal at Alliance na accredited ng Pambansang Komite para sa Pagtiyak ng Kalidad (National Committee for Quality Assurance, NCQA).